

Parenting arrangements (mga kaayusan para sa mga magulang) pagkatapos nilang maghiwalay o magdiborsyo

Ang mga batas hinggil sa custody at access sa ilalim ng lumang *Divorce Act* (*Batas Ukol sa Diborsyo*) ay nagbago nang nagkabisa ang *Divorce Act* noong Marso 1, 2021.

Parenting arrangements (mga kaayusan para sa mga magulang) para sa mga order (utos) o mga agreement (kasunduan) na ginawa bago nagkabisa ang bagong batas

Ang *Divorce Act* ay may mga takdang kaayusan para sa mga magulang na nagdidiborsyo. Ang mga lalawigan at teritoryo ay karaniwang may mga magkatulad na patakaran para sa mga magulang na hindi kasal at para sa mga magulang na kasal at naghihiwalay pero hindi nag-a-apply na magdiborsyo.

Sa ilalim ng lumang *Divorce Act*, ang mga kaayusan para sa mga magulang ay tinatawag na “custody” at “access.” Nang nagkabisa ang mga pagbabago sa *Divorce Act* noong Marso 1, 2021, ang mga salitang ito ay pinalitan ng bagong wika na nagtutuon ng pansin sa mga responsibilidad ng mga magulang para sa kanilang mga anak, at sa mga gawaing kailangang gawin upang mapangalagaan nila ang kanilang mga anak. Ang mga batas ng isang lalawigan o teritoryo ay maaaring gumamit ng iba pang salita kapag pinag-uusapan ang mga kaayusan para sa mga magulang.

Ano ang ibig sabihin ng aking lumang order sa ilalim ng bagong *Divorce Act*?

Kung mayroon kang “custody” o “access” order sa ilalim ng *Divorce Act* na ginawa bago ang Marso 1, 2021, **maaari mo pa ring sundin ang iyong umiiral na order.** Sasabihin sa iyo ng mga probisyon ng bagong Act o Batas kung ano ang ibig sabihin ng iyong order sa ilalim ng bagong Batas:

Bago ang Marso 1, 2021	Mula noong Marso 1, 2021
Custody	Paggawa ng desisyon at panahon ng magulang para sa mga bata [Decision-making and parenting time]
Access (spouse o asawa/live-in)	Panahon ng magulang para sa mga bata [Parenting time]
Access (non-spouse o iba pang kapamilya, kabilang ang mga lolo't lola)	Contact

Upang malaman kung paano ginagawa ang “custody” at “access” na mga order sa ilalim ng bagong batas, mangyaring tingnan ang seksyon ng “Mga parenting order” (“mga utos para sa mga magulang”).

Paano ko mababago ang aking order

Kung nais mong baguhin ang iyong custody o access order na ginawa bago ang Marso 1, 2021, ang mga patakaran ng bagong *Divorce Act* ay malalapat sa iyong mga kaayusan para sa mga magulang. Halimbawa, kung nais mong baguhin ang iyong court order upang palitan ang panahon na iginugugol ng bawat magulang sa bata, gagamitin ng iyong bagong order ang salitang “parenting time” at isasaalang-alang ng hukuman ang mga bagong factor upang matiyak nito kung ano ang pinakamainam para sa bata.

Mahalagang tandaan na ang mga pagbabago sa batas ay hindi dahilan upang baguhin ang iyong umiiral na order. Upang gumawa ng pagbabago sa isang *Divorce Act* order, dapat ipakita ng mga partido na nagkaroon ng malaking pagbabago sa kanilang buhay o sa buhay ng kanilang anak. Ito’y tinatawag sa Act na isang “change in circumstances” o “pagbabago sa mga kalagayan”. **Ang mga pagbabago sa *Divorce Act* ay hindi pagbabago sa mga kalagayan.**

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang: “Parenting arrangements (mga kaayusan para sa mga magulang) para sa mga order (utos) o mga agreement (kasunduan) na ginawa bago nagkabisa ang bagong batas”.

Parenting arrangements (mga kaayusan para sa mga magulang) para sa mga order (utos) o mga agreement (kasunduan) na ginawa bago nagkabisa ang bagong batas

Ang mga probisyon ng bagong *Divorce Act* tungkol sa parenting ay nagbibigay-diin sa mga responsibilidad ng mga magulang para sa kanilang mga anak at sa mga gawaing kailangang gawin upang mapangalagaan nila ang kanilang mga anak.

Kung naghahangad kang kumuha ng isang parenting order o baguhin ang isang umiiral na custody at access order o agreement na ginawa bago ang Marso 1, 2021, ang sumusunod na impormasyon ay nalalapat sa iyo.

Ang mga probisyon ng *Divorce Act* para sa custody at access ay nagbago noong Marso 1, 2021. Mangyaring tandaan ang sumusunod:

- **Para sa mga court order o agreement na ginawa mula Marso 1, 2021:** ang mga patakaran ng bagong *Divorce Act* ay malalapat.
- **Para sa mga court order o agreement na ginawa bago ang Marso 1, 2021:** susundin mo pa rin ang iyong umiiral na court order o agreement. Kung nais mong baguhin ang isang court order o isang agreement na ginawa bago ang Marso 1, 2021, ang mga batas ng bagong *Divorce Act* ay malalapat.
- **Ang mga pagbabago sa batas ay hindi dahilan upang baguhin ang iyong umiiral na order.** Upang gumawa ng pagbabago sa isang *Divorce Act* order, dapat ipakita ng mga partido na nagkaroon ng malaking pagbabago sa kanilang buhay o sa buhay ng kanilang anak. Ito’y tinatawag sa Batas na isang “change in circumstances” o “pagbabago sa kalagayan”. **Ang mga pagbabago sa *Divorce Act* ay hindi pagbabago sa mga kalagayan.**

Parenting arrangements (mga kaayusan para sa mga magulang)

Ang parenting arrangement ay isang plano na gagawin mo o ng isang hukuman para sa pangangalaga ng iyong mga anak pagkatapos ng inyong paghihiwalay o diborsyo. Kabilang dito ang mga kaayusan tungkol sa kung saan maninirahan ang mga bata, at kung sino ang magkakaroon ng responsibilidad na gumawa ng malalaking desisyon tungkol sa mga isyu tulad ng kung saan mag-aaral ang mga bata, kung ano ang kanilang magiging edukasyon sa relihiyon (kung mayroon man), tungkol sa kanilang medikal na panangalaga, atbp.

Ang *Divorce Act* ay may mga patakaran tungkol sa mga kaayusan para sa mga magulang na nagdidiborsyo. Ang mga lalawigan at teritoryo ay karaniwang may mga magkatulad na patakaran para sa mga magulang na hindi kasal at para sa mga magulang na kasal at naghihiwalay pero hindi nag-a-apply na mag-diborsyo. Ang mga batas ng iyong lalawigan o teritoryo ay maaaring gumamit ng iba pang salita kapag pinag-uusapan nila ang mga kaayusan para sa mga magulang.

Family dispute resolution processes (Mga proseso para sa pag-aayos ng mga pagtutunggali sa pamilya)

Ang isang family dispute resolution process ay isang proseso **sa labas** ng hukuman at ito'y ginagamit ng mga partido sa isang family law dispute upang subukang ayusin ang anumang mga problema. Kabilang dito ang negosasyon, mediation, at collaborative law.

Maraming dahilan kung bakit mas mainam na ayusin ang mga problema sa pamamagitan ng agreement sa halip na idaan sa paglilitis sa hukuman. Ang out-of-court dispute resolution (pagsasaayos sa labas ng hukuman) ay maaaring maging mas mura at mas maikling proseso, at ang mga partido ay kadalasang mas nakakapagpanatili ng kontrol sa mga desisyon na ginagawa tungkol sa kanilang mga buhay. Ang mga magulang ay kadalasang ang pinakamainam na makagagawa ng mga desisyon tungkol sa kanilang mga anak dahil sila ang pinakanakakaintindi sa kanila.

Hinihikayat ng mga probisyon ng bagong *Divorce Act* ang mga magulang na gamitin ang mga proseso para sa family dispute resolution upang makatulong na magtuon ng pansin sa mga kagustuhan ng kanilang mga anak, at upang masubukang ayusin nang maaga sa labas ng hukuman ang kanilang pagtatalo. Ang mga magulang ay may bagong **tungkulin** na subukang ayusin ang kani-kanilang mga pagtatalo gamit ang mga proseso para sa family dispute resolution. Ang mga prosesong ito ay maaaring hindi naaangkop sa ilang partikular na sitwasyon, tulad ng kapag nagkaroon na ng karahasan sa pamilya. Kung nakaranas ka ng karahasan sa pamilya, dapat mong maingat na pag-isipan kung ang mga proseso para sa family dispute resolution ay naaangkop para sa iyo.



Maaari kang makipag-usap sa isang abogado o mediator tungkol sa mga opsyon para sa family dispute resolution na idinisensyo upang makatulong na protektahan ang mga taong nakaranas ng karahasan sa pamilya.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa karahasan sa pamilya, mangyaring tingnan ang [Making Plans](#).

Mga Tungkulin ng mga Magulang

Ang mga magulang at ang iba pa na nag-a-apply para sa mga order sa ilalim ng Batas na ito ay may tungkuling:

- Gamitin ang kanilang parenting time, gawin ang kanilang responsibilidad na gumawa ng desisyon, o contact sa isang batang nasa ilalim ng isang contact order, sa paraang alinsunod sa kung ano ang pinakamainam para sa bata.
- Protektahan ang mga bata mula sa conflict o pag-aaway na dulot ng paglilitis.
- Kung naaangkop, subukang ayusin ang mga problema gamit ang proseso ng family dispute resolution.
- Magbigay ng kumpleto, wasto, at pinakabagong impormasyon tulad ng iniuutos sa ilalim ng *Divorce Act*.
- Sumunod sa mga court order (mga utos ng hukuman) hanggang ang mga ito'y wala ng bisa.



Anu-ano ang pinakamainam para sa bata

Maaari kang sumang-ayon sa anumang uri ng kaayusan para sa parenting, pero kailangan mong pagtuunan ng pansin ang mga bagay na pinakamainam para sa iyong mga anak. Kung hindi kayo nagkakasundo sa isang kaayusan para sa parenting at kailangan magpasya ang isang huwes para sa inyo, ang desisyon ng huwes ay dapat batay **lamang** sa kung ano ang pinakamainam para sa bata.

Walang pagpapalagay

Ang bagong batas ay **walang** ipinagpapalagay tungkol sa mga kaayusan sa parenting dahil ang lahat ng mga desisyon sa parenting hinggil sa mga bata ay dapat ibatay **lamang** sa kung ano ang pinakamainam para sa partikular na bata. Halimbawa, hindi ipinapalagay ng bagong batas na ang bawat magulang ay may magkakatumas na panahon kasama ng kanilang mga anak.

Anu-ano ang mga salik na pinakamainam para sa bata

Ang mga probisyon ng bagong *Divorce Act* ay may listahan ng mga salik upang matiyak kung anu-ano ang pinakamainam para sa bata upang matulungan ang mga magulang, ang mga propesyonal sa family justice, at ang mga huwes na matiyak kung ano ang pinakamainam para sa bata sa isang partikular na kaso.

Ang bagay na dapat ay pangunahing isaalang-alang

Ayon sa mga bagong probisyon ng Batas, dapat **ay pangunahing isaalang-alang** ng hukuman ang **pisikal, emosyonal, at sikolohikal na kaligtasan, seguridad, at kabutihan ng bata**.

Ibig sabihin, ang kaligtasan, seguridad, at kabutihan ng bata ay ang pinakamahalagang bagay na isasaalang-alang ng hukuman

Iba pang salik

Dapat din isaalang-alang ng mga hukuman ang ilang salik, tulad ng:

- mga pangangailangan ng bata, depende sa kanyang edad at stage of development, halimbawa, ang pangangailangang magkaroon ng katatagan
- relasyon ng bata sa bawat magulang
- mga relasyon ng bata sa mga kapatid, mga lolo't lola, at iba pang mahalagang tao sa kanyang buhay
- kung sino ang mag-aalaga sa bata bago maghiwalay ang mga magulang, at ang mga pangkinabukasang plano para sa bata
- mga pananaw at kagustuhan ng bata
- kultural, wika, relihiyon at spiritual upbringing, at pamana, kabilang ang Indigenous upbringing at Indigenous na pamana ng bata

Ang iba pang mga salik na dapat isaalang-alang ng mga hukuman ay ang kakayahan at pagiging handa ng bawat magulang na:

- mag-alaga sa bata
- suportahan ang relasyon ng bata sa kabilang magulang
- makipagkoopera at makipag-ugnayan tungkol sa mga problema sa parenting

Dapat din isaalang-alang ng mga hukuman ang mga isyu na maaaring makaapekto sa kaligtasan ng bata, tulad ng:

- anumang karahasan sa pamilya at ang epekto nito sa
 - kakayahan at pagiging handa ng sinumang taong nasangkot sa karahasan sa pamilya na pangalagaan ang bata at tuparin ang mga pangangailangan nito, at
 - pagiging angkop na gumawa ng isang order na mag-uutos sa mga tao na makipagkoopera tungkol sa mga isyu na nakakaapekto sa bata
- anumang umiiral na sibil o kriminal na paglilitis, order, kundisyon, o panukala na may kinalaman sa kaligtasan, seguridad, at kabutihan ng bata.

Tandaan:

- Hindi ito saradong listahan. Maaaring isaalang-alang ng mga magulang at mga hukuman ang **anumang salik** na may kahalagahan sa sitwasyon ng bata.
- Ang kahalagahan ng bawat salik ay depende sa partikular na sitwasyon ng bata. Pero ang kaligtasan, seguridad, at kabutihan ng bata ay ang binibigyan ng kahalagahan.

Iba pang bagay na isaalang-alang

Ilalapat rin ng huwes ang prinsipyo na dapat makasama ng isang bata ang bawat magulang alinsunod sa kung ano ang pinakamainam para sa bata. Gayunpaman, **higit pa sa lahat**, dapat isaalang-alang ng hukuman ang pisikal, emosyonal, at sikolohikal na kaligtasan, seguridad, at kabutihan ng bata. Ito'y lalo nang mahalaga sa mga kaso ng karahasan sa pamilya.

Ang dating kilos o gawi ng isang tao ay hindi maaaring isaalang-alang maliban na lamang kung ito'y may kaugnayan sa parenting time, sa responsibilidad na gumawa ng desisyon, o sa pakikipag-ugnayan sa bata.

Mga parenting order

Para sa mga kaayusan sa parenting na ginawa o na-update pagkatapos magkabisa ang bagong batas, itinatakda ng mga hukuman ang responsibilidad sa paggawa ng desisyon at ang parenting time sa pamamagitan ng isang parenting order, batay lamang sa kung ano ang pinakamainam para sa bata.

Parenting time

Ang parenting time ay ang panahon kung kailan ikaw ang may responsibilidad para sa iyong anak. Kasama rito ang panahon kapag ang iyong anak ay wala sa iyong tabi, tulad ng kung ang iyong anak ay nasa paaralan o daycare.

Ang bawat taong may parenting time ay maaaring gumawa ng mga pang-araw-araw na desisyon tungkol sa isang bata kapag ang bata ay nasa kanyang pangangalaga, maliban na lamang kung iba ang iniutos ng isang hukuman. Kasama sa mga pang-araw-araw na desisyon ang mga bagay tulad ng kung kailan matutulog ang bata at kung ano ang kanyang kakainin.

Responsibilidad para sa paggawa ng desisyon

Sinisimulan ng bagong batas ang konsepto ng “responsibilidad para sa paggawa ng desisyon” bilang responsibilidad para sa paggawa ng malalaking desisyon tungkol sa kabutihan ng isang bata. Kabilang dito ang mga desisyon tungkol sa kanyang:

- kalusugan
- edukasyon
- wika, kultura, relihiyon, spirituality
- mga makabuluhang extra-curricular na aktibidad.

Ito ay mga halimbawa. Kabilang sa responsibilidad para sa paggawa ng desisyon ang pagkakaroon ng awtoridad na gumawa ng anumang malaking desisyon hinggil sa kabutihan ng iyong anak.

Mga contact order

Karaniwan, ang pakikipag-ugnayan ng isang bata sa iba tulad ng mga lolo't lola o iba pang extended family member ay mangyayari sa panahon ng parenting.

Ang isang hukuman ay maaaring gumawa ng isang contact order kapag hindi posibleng mangyari ang pakikipag-ugnayan sa panahon ng parenting ng isang magulang, at ito ang pinakamainam para sa bata. Sa ganitong sitwasyon, mapapahintulutan ng isang contact order ang isang non-spouse at ang isang bata na makipagkita o manatiling nakikipag-ugnayan.

Sino ang maaaring mag-apply para sa isang parenting o contact order:

- Ang mga spouse (mag-asawa o magka-live-in), o sinumang taong kasalukuyang nasa tungkulin ng isang magulang, o naghahanap ng tungkulin ng isang magulang sa buhay ng isang bata, ay maaaring mag-apply para sa isang **parenting order**. Ang mga non-spouse ay kailangang humingi ng “leave” sa hukuman upang mag-apply para sa isang parenting order. Ibig sabihin ay kailangan nila ng per miso mula sa hukuman.
- Ang non-spouse lamang ang maaaring mag-apply para sa isang **contact order**. Dapat nilang hingin ang permiso ng hukuman upang magbigay ng aplikasyon.

Ang mga parenting plan

Kapag tinutukoy kung ano ang pinakamainam para sa iyong anak, isasaalang-alang ng hukuman kung paano mo at ng kabilang magulang planong alagaan ang iyong anak.

Hinihikayat ng bagong batas ang mga magulang na gumawa ng mga kaayusan sa parenting kung saan hangga't maaari ay magiging limitado ang interbensyon ng hukuman. Ang “parenting plan” ay isang tool na ginagamit ng mga magulang, mga mediator, at mga abogado upang matulungan silang matiyak kung paano paghahatian ng mga magulang ang mga responsibilidad pagkatapos nilang maghiwalay at magdiborsyo.

Ang parenting plan ay maaaring hindi gaanong ispesipiko, at itatakda lamang nito ang isang iskedyl kung kailan ang bata ay mapupunta sa pangangalaga ng bawat magulang at kung sino ang gagawa ng mga desisyon tungkol sa bata. Maaari rin ito maging lubos na ispesipiko; halimbawa, itatakda nito ang mga malinaw na awtoridad sa paggawa ng desisyon ng bawat magulang, ang mga detalyadong iskedyl para sa mga aktibidad at mga bakasyon ng inyong anak, komunikasyon, biyahe, at iba pang mga aspeto ng pangangalaga sa isang bata.

Kung ang mga magulang ay sumasang-ayon sa isang parenting plan, iniuutos ng bagong batas na isama ng hukuman ang mga probisyon nito sa isang parenting o contact order, maliban na lamang kung hindi ito ang pinakamainam para sa bata.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga parenting plan, mangyaring tingnan ang mga sumusunod na online tool sa website ng Department of Justice Canada na nagbibigay-tulong sa mga magulang na gumawa ng isang parenting plan:

- [Parenting Plan Checklist](#)

Binibigyang-diin ng tool na ito ang mga praktikal na isyu na dapat isaalang-alang kapag gumagawa ng parenting plan.

- [Parenting Plan Tool](#)

Ang resource na ito ay may interactive Parenting Plan Tool upang maka gawa ng isang personalized parenting plan.

Mga serbisyo para sa katarungan sa pamilya

Ang mga serbisyo para sa katarungan sa pamilya ay mga publiko o pribadong serbisyo na isinasagawa upang tulungan ang mga tao sa mga isyu mula sa paghihiwalay o pagdidiborsyo. Ang mga lalawigan at teritoryo ay may [serbisyo para sa katarungan sa pamilya](#) tulad ng mga session ng mediation at pagbibigay impormasyon sa magulang na maaaring lubos na makatulong sa iyo. Maaaring makahanap ka ng iba pang kapaki-pakinabang na serbisyo sa website ng [pamahalaan ng iyong lalawigan o teritoryo](#). Sa ilalim ng bagong Batas, kailangang sabihin ng mga legal na tagapayo sa kanilang mga kliyente ang anumang serbisyo para sa katarungan sa pamilya na maaaring makatulong sa kanila.

Mga kaugnay na link

- [Paggawa ng mga Plano: Isang patnubay sa mga parenting arrangement o mga kaayusan para sa mga magulang pagkatapos nilang maghiwalay o magdiborsyo](#)
- [Ang parenting plan checklist](#)
- [Pag-access sa parenting plan tool](#)